



Aplikasyon sa Mini Grant sa Pakikilahok ng Komunidad

I. Pangkalahatang Ideya

Sa harap ng galit at pagkiling, nag-aalok ng Community Engagement Mini Grants (“Mini Grant”) ang Division of Equity and Social Justice (DESJ) ng Santa Clara County para sa mga miyembro ng komunidad at grupo para sa mga aktibidad na pinapangunahan ng komunidad na nagbibigay-kapangyarihan sa mahihina, naisantabing komunidad at tinutugunan ang nakababahalang pagtaas ng mga insidente at akto ng galit sa Santa Clara County at bumuo ng komunidad na walang galit para sa lahat.

Ang mga mini grant ay nilalayon para sa mga miyembro at grupo ng komunidad, kasama ang pero hindi limitado sa, pangmasang mga organisasyon, mga aktibista ng komunidad, mga grupo sa kapitbahayan, at mga organisasyong nakabase sa komunidad. Sa gayon, naghahanap ang County ng mga proposal para sa mga aktibidad/proyekto na magtataguyod sa pag-unawa sa iba’t-ibang kultura, mga aktibidad na bumubuo ng ugnayan sa mga miyembro ng komunidad, pag-aaral sa pagsasamahan o kakampi para suportahan ang mga apektado ng galit at pagkiling, pag-abot sa umuunlad na kaisipan ng kabataan, pagbabahagi at pagdiriwang sa kasaysayan ng mga komunidad na naisantabi, at pagtuturo/pagsasanay sa komunidad tungkol sa mga pinagkukunan at serbisyong tumutugon sa nakababahalang pagtaas ng mga insidente at akto ng galit sa Santa Clara County.

Pagbibigay ng Gawad

Ang mga gawad sa Mini Grant ay mahahanay mula \$200 - \$2,500.

Panahon ng Aplikasyon

Tatanggapin ang mga aplikasyon sa Mini Grant sa basehang kung sino ang maunang magsumite mula Agosto 30, 2021 – Hunyo 30, 2022, O hanggang maubos ang mga gawad, alinman ang mauna.

Mga Kailangan sa Pagiging Kwalipikado

Ang mga aplikanteng kwalipikado ay dapat nakatira sa Santa Clara County O sa isang organisasyong matatagpuan sa Santa Clara County. Sa karagdagan, para maikunsidera ang mga proposal, ang aplikante ay dapat:

1. Magmungkahi ng mga proyekto o aktibidad na magaganap sa Santa Clara County.
2. Mayroong ng balidong ID card mula sa gobyerno (para sa indibidwal na mga aplikante), at
3. Magbigay ng W-9 na form ng Buwis sa aplikasyon para maikunsidera sa paggantimpala ng Mini Grant. <https://www.irs.gov/pub/irs-pdf/fw9.pdf>

II. Mahalagang mga Petsa at Panahon ng Mini-Grant

Petsa ng Pagsisimula ng Aplikasyon	Agosto 30, 2021 – Hunyo 30, 2022, o hanggang maubos ang mga gawad, alinman ang mauna.
Mga Sesyon ng Q&A	Magsasagawa ang County ng mga Sesyon ng Tanong at Sagot sa unang bahagi ng Setyembre 2021. (Mangyaring tingnan ang Mini Grant Website: www.sccgov.org/grant-stopbate) Hinihikayat na dumalo ang prospektibong mga aplikante. Ang mga Tanong at Sagot mula sa sesyon ay ipo-post sa website ng Mini Grant.
Abiso ng Pagtanggap	Dalawang araw na may pasok sa trabaho pagkatapos maisumite ang aplikasyon, aabisuhan ng County ang aplikante tungkol sa pagtanggap ng kanilang aplikasyon.
Pagsusuri ng Aplikasyon at Notipikasyon ng Paggantimpala	Hahatiin sa mga grupo ang mga aplikasyon at susuriin sa buwanang batayan, o mas madalas, depende sa dami ng mga aplikasyon. Halimbawa, ang mga aplikasyong isinumite noong Setyembre ay susuriin sa Oktubre. Maaring abutin nang tinatantiyang 30 araw para maabisuhan ng County ang aplikante kung naibigay ang gawad.
Kasunduan sa Gawad	Pagkatanggap sa award na gawad, dapat pumirma ng kasunduan sa gawad ang Grantee sa loob ng hindi lalampas sa 7 araw na may pasok sa trabaho pagkatanggap mula sa County. Kailangan ding kumpletuhin ng Grantee ang kailangang mga fiscal form at magbigay ng tamang voided na tseke/bank memo bago maibigay sa Grantee ang gantimpala. Mangyaring tingnan ang link ng halimbawa ng kasunduan sa gawad dito
Invoice para sa Award na Gawad	Ang award na gawad ay ibibigay sa Grantee pagkatapos maisumite ang isang aprubadong invoice.
Paglulunsad ng Proyekto/Mga Aktibidad	Hinahawakan ng County ang karapatang tumanggap ng verbal at nakasulat na progreso sa katayuan ng Grantee ayon sa kailangan para sa proyekto/mga aktibidad.
Pinal na Ulat na Kinakailangan	Kailangang kumpletuhin ng Grantee ang proyekto sa loob ng napagkasunduang panahon. Sa loob ng 30 araw pagkatapos makumpleto ang proyekto, kailangang magbigay ang Grantee ng isang pinal na buod ng ulat at isumite lahat ng halimbawa ng proyektong nauugnay sa mga materyal na pampromosyon, flyer, at ibang isponsor na nauugnay na materyal sa County.

III. Pananaw ng Kontak

Anumang katanungan tungkol sa Mini Grant na ito ay dapat idirekta kay:

Administration, Jennifer Roth, Jennifer.Roth@ceo.sccgov.org

IV. Mungkahing mga Aktibidad, Event at/o Proyekto

A. Layunin

Dapat magbigay ang mga Grantee ng proyekto, event o programang nag-aalok ng mahahalagang bahagi sa isa o higit pang sumusunod na lugar para tugunan ang mga insidente at krimen ng galit, pagkiling at diskriminasyon laban sa historikal na naisantabing mga komunidad at mga miyembro ng protektadong mga uri (lahi, kulay, relihiyon o pananampalataya, bansang pinagmulan o lipi, kasarian, edad, kapansanan at katayuan ng beterano).

- **Edukasyonal na Bahagi**
- **Outreach na Bahagi**
- **Pagsasanay na Bahagi**

B. Mga Ihahatid

Aayusin, ihahatid at pamumunuan ng Grantee ang isang pagsisikap ng indibidwal o grupo na kasama ang pagkumpleto sa isa o higit pang sumusunod na mga ihahatid sa pakikipag-ugnayan ng komunidad:

- Mga Sesyon ng Pakikinig ng Komunidad para maitatag ang kamulatan, tukuyin ang natutunang mga aral, at/o pagtibayin ang proseso ng paghilom ng komunidad
- Pagpapaunlad ng mga Materyal at/o Toolkit para sa Edukasyon para suportahan ang edukasyon sa iba't ibang komunidad, pag-aaral at kapatiran na may malawak na plano sa outreach
- Mga Pagsasanay/Workshop para mag-alok ng interbensiyon sa tagapanood, at/o pagsasanay sa ambassador sa komunidad/kapitbahayan
- Mga Kampanya sa Pag-alam ng Inyong mga Karapatan para itaguyod ang kamulatan sa mga krimen ng galit at mapagkukunan sa pamamagitan ng lokal na kampanya ng outreach sa masa
- Mga Kampanyang Outreach sa Komunidad para maturuan ang komunidad sa kabuuan tungkol sa mga mapagkukunan at impormasyon para maiwasan, matugunan at malabanan ang mga krimen ng galit
- Pagho-host ng mga Serye ng Tagapagsalita/Mga Panel ng Tagapagsalita para itaguyod ang diyalogo sa komunidad sa pag-unawa sa iba't-ibang kultura at kapatiran
- (Mga) Event sa Komunidad para magbigay ng lugar sa pagdiriwang ng ambag ng naisantabing mga komunidad, at/o itaguyod ang mga forum ng iba't-ibang kultura na komunidad para sa edukasyon at suporta ng komunidad
- (Mga) Proyekto ng Pagkukuwento para ipagdiwang, panatilihin ang lokal na kasaysayan at turuan ang susunod na henerasyon tungkol sa historikal na naisantabing mga komunidad.

C. Pag-isponsor at Kailangan para sa Award na Gawad

1. Lahat ng aprubadong Grantee ay kailangang kilalanin na ang aktibidad/event/proyekto ay pinondohan nang buo o nang bahagi mula sa Division of Equity and Social Justice, Office of the County Executive ng County ng Santa Clara. Kasama pero hindi limitado rito ang pagbigay ng kredito sa pag-isponsor sa mga anunsiyo, flyer, video, pagtitipon, materyal ng pagsasanay, publikasyon, media, balita at mga post sa social media.
2. Pagkakumpleto ng aktibidad/event/proyekto, kailangang magbigay lahat ng Grantee ng buod ng aktibidad na may 100 salita, kasama ang paglalarawan, ang bilang ng taong sumali, at anumang natutunang aral.
3. Ang nakasulat na ulat ay dapat kabilang ang anumang materyales na nagamit, flyer, link sa anunsiyo, post sa social media, Eventbrite, at anumang ibang link/nabanggit. Hinihikayat ang mga litrato ng event, nang may akmang pahintulot.
4. Hinahawakan ng County ang karapatang kontakin ang mga Grantee paminsan-minsan para sa mga update nang verbal o nakasulat tungkol sa progreso ng proyekto bago makumpleto.
5. Ang pondo ng Gawad ay hindi puwedeng gamitin na pangregalo, pagbibigay ng regalo, kasama ang mga gift card, o para sa pagbabayad ng mga kabayaran sa membership, o kabayaran ng matrikula. Kasama pero hindi limitado sa pinapayagang gastos ang: bayad sa tagasalin, grapikong disenyo, bayad sa tagapagsalita, upa sa pasilidad, mga gastos sa pangangalaga ng bata (para sa event), mga materyales sa outreach.

V. Pagsusuri at mga Kailangan sa Pagsumite

A. Pagsusuri

Ang mga proposal ay tatasahin ng mga miyembro ng Komite sa Pagsusuri na susuri at magmamarka sa mga proposal batay sa mga pamantayang nakalista sa ibaba:

Pamantayan
Karanasan o Kadalubhasaan ng Indibidwal/Pangkat Ilarawan ang kadalubhasaan at kakayahan ng indibidwal o ng iyong pangkat sa pagsasagawa ng mungkahing proyekto. Pinamumunuan at/o pinamamahalaan ba ang mga aktibidad ng mga miyembro ng komunidad na may direktang mga karanasan bilang puntirya ng mga insidente ng galit o bahagi ng komunidad na nasa panganib ng mga insidente ng galit? Kung “oo” ang sagot niyo, mangyaring ilarawan kung paanong tumutulong/nagpapahusay ang direktang karanasan sa mungkahing mga aktibidad. Ilarawan ang anumang ibang mahalagang karanasan o kadalubhasaan.
Paglalarawan ng Proyekto: Ilarawan ang aktibidad/event/proyekto kasama ang tagal ng proyekto, lokasyon, panahon ng paghahanda at mga aktibidad, uri ng mga aktibidad na ihahatid, mga layunin ng proyekto at paano nauugnay ang proyekto sa mga aktibidad na pinamumunuan ng komunidad na nagbibigay-kapangyarihan sa mahihina, naisantabing komunidad at tumutugon sa nakababahalang pagtaas ng mga insidente at akto ng galit sa Santa Clara County. Ang Aplikasyon ay dapat tumatalakay kung paano nito itataguyod ang iba’t-ibang kultura ng pagkakaunawaan, damayan, pagbuo ng mga relasyon at pag-uusap sa iba’t ibang komunidad, at pagiging kaalyado para suportahan ang mga apektado ng mga insidente ng galit (hal. isang malaking event sa komunidad; malawakang outreach na kampanya na may mga kasangkapan ng edukasyon) o kasama ang mga aktibidad na malalim na makakaapekto sa mga indibidwal o maliit na mga grupo.
Paghahanda ng Proyekto: Ilarawan at ilarawan ang mga hakbang/aktibidad sa paghahanda na magaganap bago ang paglulunsad ng

mungkahing aktibidad/event/proyekto, kasama ang outreach, reserbasyon ng pasilidad, atbp.

Pag-abot sa Komunidad Ilarawan nang nakadetalye ang (mga) grupo sa komunidad na aabutin ng inyong mga aktibidad, isama lahat ng naaayon:

- A. anumang partikular na kapitbahayan
- B. mahirap abutin, mahina, o pinagkaitang mga miyembro ng komunidad
- C. anumang subgroup na may limitadong akses sa pagsisimula ng komunidad na nilalayong abutin ng proyektong ito.
- D. akses sa wika para sa mga komunidad na hindi nagsasalita ng Ingles at iisa ang wika o limitado ang kahusayan sa Ingles (tukuyin ang (mga) wika, iba pang paraan ng pag-akses tulad ng pisikal na mobilidad at mga pangangailangan sa kakayahan (puwede ring kasama ang pangangailangan sa pangangalaga ng bata o akses sa transportasyon)

B. Mga Kinakailangan sa Pagsumite

1. Kailangang isumite ng aplikante ang sumusunod na mga dokumento:
 - a. *Coversheet ng Aplikasyon (Tingnan ang Kalakip A) – Kailangang sagutan ng aplikante lahat ng tanong na naaayon at magbigay ng elektronikong kopya ng orihinal na pirmado sa asul o itim na tinta O elektronikal na pirmado sa pamamagitan ng DocuSign.*
 - b. *Proposal na Aplikasyon (Tingnan ang Kalakip B) – Kailangang sagutan ng mga aplikante lahat ng tanong*
 - c. *Kasalukuyang IRS Tax-Exempt na Sulat (kung nag-a-apply bilang non-profit*
 - d. *W-9 Tax Form, <https://www.irs.gov/pub/irs-pdf/fw9.pdf>*
2. Ang mga dokumento ng aplikante ay kailangang i-email kay, Adminisration, Jennifer Roth, Jennifer.Roth@ceo.sccgov.org

VI. Mga Karapatan ng County

Hinahawakan ng County ang karapatang gawin ang sumusunod anumang oras:

1. Tanggihan ang anuman o lahat ng (mga) aplikasyon;
2. Iwan o iwasto ang anumang maliit na depekto, iregularidad o mali sa aplikasyon o sa proseso ng Mini Grant;
3. Humiling sa mga aplikante na dagdagan o baguhin lahat o ilang aspeto ng kanilang proposal o iba pang dokumento o materyales na isinumite;
4. Tapusin ang Mini Grant, at, bilang opsiyon nito, maglabas ng bagong Mini Grant;
5. Baguhin ang proseso ng pagpili, mga partikularidad o kinakailangan para sa mga materyal o serbisyo, o ang nilalaman o kailangang format para sa mga aplikasyon;
6. Palawigin ang taning na sinabi sa Mini Grant na ito, kasama ang taning sa pagtanggap ng aplikante, pagtanggap ng mga aplikasyon sa pamamagitan ng ibang pagmumulan o lampas sa petsa at oras ng taning sa solong diskresyon nito.
7. Makipagnegosasyon sa sinuman o wala sa mga nagmungkahi;
8. Baguhin ang pinal na kasunduan sa alinmang termino at/o kondisyong inilarawan sa Mini Grant na ito;
9. Tapusin ang nabigong negosasyon sa isang aplikante nang walang pananagutan, at makipagnegosasyon sa ibang aplikante;
10. Alisan ng karapatan ang sinumang aplikante sa batayan ng tunay o tila salungatan ng interes o ebidensiya ng sabwatang nasuri ng County;

11. Alisin, tanggihan o alisan ng karapatan ang isang aplikasyon o sinumang nagmungkahi na hindi responsableng aplikante o nabigong magsumite ng tumutugong aplikasyon ayon sa solong pagtiyak ng County; at/o
12. Tanggapin ang lahat o bahagi ng proposal ng isang aplikante.

Coversheet ng Aplikasyon sa Mini Grant na Pakikilahok ng Komunidad

Seksyon I. Impormasyon ng Aplikante			
Buong Pangalan ng Aplikante			
Address sa Koreo		Numero ng Telepono	
		Email	

Nag-aapply ka ba sa ngalan ng grupo o organisasyon? Kung oo, pumunta sa Seksyon II. Kung hindi, pumunta sa Seksyon III.

Seksyon II. Impormasyon ng Organisasyon			
Pangalan ng Organisasyon			
Address ng Organisasyon			
Awtorisadong Tagapirma: <i>Sino ang pipirma sa kasunduan sa gawad kapag naigantimpala?</i>			
Pangalan		Titulo	
Email Address		Telepono	
Fiscal na Kontak: <i>Sino ang magsusumite ng invoice?</i>			
Pangalan		Titulo	
Email Address		Telepono	
Kontak sa Proyekto: <i>Sino ang mangangasiwa sa proyekto/mga aktibidad ng gawad</i>			
Pangalan		Titulo	
Email Address		Telepono	
Katayuang Nonprofit: <i>Isang 501(c)3 ba ang organisasyon?</i> <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi Kung sumagot ng "OO", maglakip ng Sulat ng Pagbukod sa Buwis sa Kasalukuyan o Current Tax Exemption Letter sa aplikasyon.			

Seksyon III. Impormasyon ng Aplikante	
Mayroon ka bang tamang ID card mula sa gobyerno?	<input type="checkbox"/> Meron <input type="checkbox"/> Wala
Ikaw ba ay 18 taong gulang o higit pa?	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
Mayroon ka bang account sa bangko sa U.S.?	<input type="checkbox"/> Meron <input type="checkbox"/> Wala

Kung magantimpalaan, makakaya mo bang magbigay ng voided na tseke o Direktang Deposito na memo mula sa inyong bangko?

___ Oo ___ Hindi

Seksyon IV. Impormasyon ng Aplikante

Titiyakin kong kumpleto, nasagutan, at kalakip ang sumusunod:

	Coversheet ng Aplikasyon
	W-9
	Sulat sa Pagbukod sa Buwis sa Kasalukuyan o Current Tax Exemption Letter (para sa mga non-profit)
	Naratibo ng Proposal sa Aplikasyon

Pinatutunayan ko rito sa pinakamahusay kong kaalaman at paniniwala na ang impormasyon sa aplikasyong ito ay tunay at tama:

Aplikante o Awtorisadong Tagapirma

Petsa

Naka-print na Pangalan: _____

Mini Grant sa Pakikilahok ng Komunidad
Salaysay ng Proposal sa Aplikasyon

Seksyon I. Mga Layunin at Ihahatid

Mga Tagubilin: *Ang mga proposal sa gawad ay dapat magsama ng (1) bahagi na edukasyonal, (2) bahagi na outreach, at/o (3) pagsasanay na bahagi na kaugnay ng mga aktibidad na pinamumunuan ng komunidad para bigyang-kapangyarihan ang mahihina, naisantabing mga komunidad at tugunan ang nakababahalang pagtaas ng mga insidente at akto ng galit sa Santa Clara County.*

Mangyaring lagyan ng tsek ang sumusunod na layunin na gusto mong makamit (Piliin lahat ng naaayon):

Edukasyon na Bahagi

Outreach na Bahagi

Pagsasanay na Bahagi

Mangyaring lagyan ng tsek ang sumusunod na ihahatid na iminumungkahi mong ibigay:

Mga Sesyon sa Pakikinig ng Komunidad

Pagbuo ng mga Materyal sa Edukasyon at/o

Mga Pagsasanay/Workshop

Mga Kampanya sa Pag-alam ng Iyong mga Karapatan

Mga Kampanya sa Outreach sa Komunidad

Pagho-host ng Serye ng Tagapagsalita/Mga Panel ng Tagapagsalita

(Mga) Event sa Komunidad

(Mga) Proyekto ng Pagkukuwento

Seksyon II. Karanasan o Kadalubhasaan ng Indibidwal/Pangkat:

Ilarawan ang kadalubhasaan at kakayahan ng indibidwal o ng iyong pangkat sa pagsasagawa ng mungkahing proyekto. Pinamumunuan at/o tinatauhan ba ang mga aktibidad ng mga miyembro ng komunidad na may direktang mga karanasan bilang puntirya ng mga insidente ng galit o bahagi ng komunidad na nasa panganib ng mga insidente ng galit? Kung “oo” ang sagot mo, pakilarawan kung paano tumutulong/nagpapahusay ang direktang karanasan sa iminungkahing mga aktibidad. Ilarawan ang anumang ibang mahalagang karanasan o kadalubhasaan.

Seksyon II. Paglalarawan ng Proyekto:

Ilarawan sa 500 salita o mas kaunti ang aktibidad/event/proyekto kasama ang tagal ng proyekto, lokasyon, panahon ng paghahanda at mga aktibidad, uri ng mga aktibidad na ihahatid, mga layunin ng proyekto at paano nauugnay ang proyekto sa mga aktibidad na pinamumunuan ng komunidad na nagbibigay-kapangyarihan sa mahihina, naisantabing mga komunidad at tugunan ang nakababahalang pagtaas ng mga insidente at akto ng galit sa Santa Clara County.

Seksyon III. Paghahanda ng Proyekto:

Ilarawan at ilarawan ang mga hakbang/aktibidad sa paghahanda na magaganap bago ang paglulunsad ng iminungkahing aktibidad/event/proyekto, kasama ang outreach, reserbasyon ng pasilidad, iminungkahing budget ng mga gastusin, atbp.;

Seksyon IV. Pag-abot sa Komunidad

Ilarawan nang nakadetalye ang (mga) grupo ng komunidad na layong abutin ng inyong mga aktibidad, isama ang lahat ng naaayon:

- A. anumang partikular na kapitbahayan
- B. mahirap abutin, mahina, o pinagkaitang mga miyembro ng komunidad
- C. anumang subgrupo na may limitadong akses sa pagsisimula ng komunidad na nanaising abutin ng proyektong ito.
- D. akses sa wika para sa mga komunidad na hindi nagsasalita ng Ingles at iisa ang wika o limitado ang kahusayan sa Ingles (tukuyin ang (mga) wika, iba pang paraan ng pag-akses tulad ng pisikal na mobalidad at mga pangangailangan sa kakayahan (puwede ring kasama ang pangangailangan sa pangangalaga ng bata o akses sa transportasyon)

Seksyon V. Kahilingan sa Pagpopondo

Halaga ng Hinihiling na Pondo ___\$_____ (hanggang \$2,500)

Magbigay ng paglalarawan ng gastos na gagamitin sa inyong kahilingan ng pagpopondo. Ang mga pinapayagang gastos ay kasama na rito ngunit hindi nililimitahan sa: bayad sa tagasalin, grapikong pagdisenyo, sweldo sa tagapagsalita, pagrenta sa pasilidad, gastos sa chidcare (para sa event), mga materyales sa outreach.

Seksyon VI. Paano mo nalaman ang tungkol sa amin?

Ipaalam sa amin kung paano niyo nalaman ang tungkol sa komunidad na ito. Ito ay makakatulong sa County na paghusayin ang mga outreach na pagsisikap.

Seksyon VII. Kasaysayan sa Pagpopondo

Sa pamamagitan ng proseso ng Award na Gawad na ito, nilalayon ng County na unahin ang mga hindi regular na nakikibahagi sa mga lokal na gobyerno. Sa layuning iyon, mangyaring sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

(1) Ikaw ba o ang mga katrabaho mo sa proyektong ito, ay bago sa pagtanggap ng pagpopondo ng County ng Santa Clara?

(2) Ikaw ba ay nakatanggap ng anumang pagpopondo sa gobyerno/o anumang pribadong mga organisasyon sa nakaraan? Kung oo, mangyaring magbigay ng pangalan ng organisasyon, halaga, at tagal ng panahon ng pagpopondo: